File

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-SAMPUNG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-27 NG HUNYO 2022 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim John Elco E. Cantos | SK Federation President |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

**HINDI NAKADALO: W A L A**

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

## KAUTUSAN BILANG 22-06-320

**KAUTUSANG NAG-AATAS SA PAGPAPATUPAD NG PROGRAMANG PALIGID KO LINIS KO SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

**Sangguniang Bayan Member DEXTER R. GONZALES**
Chairperson, Committee on Education, Arts, and Culture
May-akda, Proponent, at Isponsor

**Sangguniang Bayan Member JESS V. SAPUNGAN**
Chairperson, Committee on Health, Nutrition, and Sanitation
Isponsor

**Sangguniang Bayan Member EDEZER F. ACERON**
Chairperson, Committee on Ordinances and Legal Matters
Isponsor

**SAPAGKAT**, binibigyang kapangyarihan ng Local Government Code of 1991 ang bawat lokal na pamahalaan na magtakda ng mga batas at alituntunin na nagtataguyod sa kapakanan ng mga mamamayan;

KGG. JESS V. SAPUNGAN · PERLITA L. PAZ · KGG. TULAY M. CARING · KGG. KIEVEN E. CANTOS · KGG. KIM JOHN ELCO E. CANTOS · KGG. GERMAN S. ACOSTA · KGG. ENRICO C. VILLAS · KGG. EDEZER F. ACERON · KGG. EDWIN C. ACERON · KGG. DENNES M. FANER · KGG. DEXTER R. GONZALES · KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR. · KGG. RAMON G. MAGBANUA · KGG. ERNILO C. VILLAS

Scanned with CamScanner

**SAPAGKAT**, ang bawat mamamayan ay mayroong gampanin upang mapanatili ang maayos, malinis, ligtas, at malusog na kapaligiran ayon na din sa isinasaad ng RA 8749 (Clean Air Act of 1999), PD 984 (Pollution Control Law), RA 9275 (Philippine Clean Water Act), PD 1586 (Environmental Impact Statement System), RA 6969 (Toxic Substances and Hazardous Waste Control Act), RA 9003 (Ecological Solid Waste Management Act), RA 9279 (Climate Change Act), at RA 9512 (Environmental Awareness and Education Act);

**SAPAGKAT**, mahalaga ang tulong, kontribusyon, at bahagi ng mga mamamayan upang masiguro ang sustainable development sa ating bayan;

**DAHIL DITO**, pinagpasyahan gaya ng ginawang pagpapasya ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao, na:

**Seksyon 1. Pagpapahayag ng Polisiya**. Ang Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao ay nagtataguyod sa pangangalaga sa ating kalikasan, kalinisan ng kapaligiran, at responsibilidad ng bawat mamamayan para sa tuloy-tuloy na kaunlaran at kaayusan ng bayan.

**Seksyon 2. Pamagat.** Ang maikling pamagat ng ordinansang ito ay "Kautusan Para Sa Programang Paligid Ko Linis Ko Sa Bulalacao, Oriental Mindoro".

**Seksyon 3. Kahulugan ng mga Termino**. Ang sumusunod na mga salita ayon sa gamit sa kautusang ito ay nangangahulugan ng sumusunod:

a. Basura – anumang bagay o likido na itinapon, winawalang-bahala, hindi na ginagamit, at/o hindi na pinahahalagahan;

b. Paligid – harapan, gilid, at/o likod ng tahanan, o pribado o pampublikong gusali, tanggapan, establisyementong pang-negosyo, o institusyon na hindi lalagpas sa distansyang 6 na metro mula sa bakod o set-backs o sidewalks o gutters patungo sa gitnang bahagi ng kalsada, eskinita, lakaran, o patungo sa salvage zones/easement;

c. Linis – paglilinis, pagwawalis, pagtanggal ng basura, paggagamas o paghahawan ng mga damo o malagong halaman, pagtanggal ng bara ng hindi konkretong kanal o daluyan ng maduming tubig, at pagtanggal ng o pagpigil sa pagdaloy ng anumang likido;

d. Programang Paligid Ko, Linis Ko – mga gawain tungkol sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng kapaligiran na isasakatuparan sa paligid ng lugar ng mga mamamayan na nakatira, naghahanapbuhay, o nangangalakal sa nasasakupan ng Bulalacao, Oriental Mindoro.

KGG. JESS V. SAPUNGAN
PERLITA U. PAZ
KGG. KIEVEN E. CANTOS
KGG. TULAY M. CARING
KGG. GERMAN S. ACOSTA
KGG. KIM JOHN ELCO E. CANTOS
KGG. EDEZER F. ACERON
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. DENNIS M. FANER
KGG. EDWIN C. ACERON
KGG. DEXTER A. GONZALES
KGG. ELPIDIO CONTRERAS, JR.
KGG. RAMON G. MAGBANUA
KGG. ERVILO C. VILLAS

**Seksyon 4. Regulasyon.** Ang sumusunod na mga regulasyon o kautusan ay dapat na talimahin:

a. Ang sinumang tao o anumang samahan, asosasyon, kooperatiba, tanggapan, ahensya, o institusyon na may-ari, nangungupahan, nakatira, o umuokupa sa tukoy na lugar, tahanan, opisina, establisyemento, o gusali ay may responsibilidad na isagawa ang Programang Paligid Ko, Linis Ko sa araw-araw maliban sa mga araw na pista opisyal, may kalamidad, masama ang panahon, o oras ng curfew;

b. Gampanin ng mga Sangguniang Kabataan at Sangguniang Barangay katuwang ang Environment and Natural Resources Section/Division/Office at ang Public Information Section/Division/Office ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao ang magpaskil ng signages na kinasusulatan ng "Paligid Ko, Linis Ko" sa mga hayag, matao, at estratehiyang lugar. Ang mga ito ay nakapintura sa plywood o nakaimprenta sa tarpaulin at hindi bababa sa sukat na 18 pulgada ang haba at 12 pulgada ang taas, sa malalaking letrang kulay pula na ang background ay puti. Gampanin din nila ang pagpapalit ng signages kapag ang mga ito ay nasira na, malabo na, o natanggal at ang paniniguro nang maayos at matibay na pagkakadikit o pagkakapako, o pagkakalagay nito sa taas na hangga't maaari ay hindi bababa sa 6 na talampakan mula sa ground, ganoon din ang sinsero at tuloy-tuloy na kampanya para sa pagpapatupad ng Kautusang ito . Ang may-ari, nangungupahan, nakatira, o umuokupa sa tukoy na lugar, tahanan, opisina, establisyemento, o gusali ay dapat mahikayat na maglagay din ng parehong signages sa kanilang paligid;

c. Mahigpit na ipinagbabawal ang paninira, pagtanggal, at bandalismo sa signages. Maaaring kunin o tanggalin ang signages kung lubha itong kailangan subalit dapat na mayroong kapahintulutan mula sa Punong Barangay;

d. Ang lahat na mamamayan ng Bulalacao ay dapat na nakikiisa sa Araw ng Kalinisan sa huling Sabado ng buwan alinsunod sa Kautusan Blg. 2016-08-161 (Kautusang Nagtatakda Sa Huling Sabado Ng Bawat Buwan Bilang Araw Ng Kalinisan Sa Bawat Pamayanan);

e. Ang regular na koleksyon, pamamahala, at pagtatapon ng mga basura ay isasagawa alinsunod sa Ordinance No. 16-08-160 (An Ordinance Establishing The Comprehensive Solid Waste Management In The Municipality Of Bulalacao, Oriental Mindoro); at

f. Ang pangulo ng mga samahan at asosasyon, o ang general manager ng mga kooperatiba, o hepe/pinuno ng mga tanggapan, ahensya, o institusyon ang hahanapan ng responsibilidad sa pagtalima sa Kautusang ito.

KGG. JESSY V. SAPUNGAN
PERLITA ... PAZ
KGG. KIE...N E. CANTOS
KGG. TULA... M. CARING
KGG. GERMAN S. ACOSTA
KGG. KIM JOHN ELCO E. CANTOS
KGG. EDE... ACERON
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. DENNES M. FANER
KGG. EDWIN C. ACERON
KGG. DEXTER ... GONZALES
KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.
KGG. RAMON G. MAGBANUA
KGG. DANILO C. VILLAS

2021.05.2

Scanned with CamScanner

**Seksyon 5. Pondo**. Ang salaping gugugulin sa maayos, tuloy-tuloy, at makatarungang pagpapatupad ng Kautusang ito ay dapat na mapaglaanan ng sapat sa taunan o ayudang badyet ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao sa pamamagitan ng mungkahing badyet ng Environment and Natural Resources Section/Division/Office. Ang Municipal Budget Office ay inaatasan na magtalima at magtaguyod sa seksyon na ito.

**Seksyon 6. Kaparusahan**. Ang anumang paglabag sa Seksyon 4.a at 4.c ay magkakaroon ng penalidad na:

| | | |
|---|---|---|
| Unang paglabag | - | isanlibong piso (PhP 1,000.00) |
| Ikalawang paglabag | - | isanlibo pitong daan at limampung piso (PhP 1,750.) |
| Ikatlong paglabag | - | dalawang libo at limandaang piso (PhP 2,500.00) |

**Seksyon 7. Administratibong Gabay**. Tungkulin ng Environment and Natural Resources Section/Division/Office, Tourism Section/Division/Office, General Services Section/Division/Office ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao; Municipal Police Station, at ng lahat na Sangguniang Kabataan at Sangguniang Barangay ang maayos at makatarungang pagpapatupad sa Kautusang ito.

Ang sinumang opisyal, kawani, o manggagawa ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao o ng anumang ahensya ng pamahalaan na hindi gaganap sa mga tungkuling nasasaad dito o kaya ay hahadlang sa o magiging dahilan sa pagkabalam ng implementasyon ng Kautusang ito ay dapat na maparusahan ayon sa isinasaad ng mga kaugnay na polisiya at batas.

**Seksyon 8. Sugnay sa Pagpapawalang Bisa**. Ang anumang pambayang kautusan o ordinansa na hindi umaayon sa alinman sa mga probisyon ng Kautusang ito ay pinawawalang bisa o binabago.

**Seksyon 9. Sugnay sa Paghihiwalay.** Kung may bahagi man ng kautusang ito na madideklarang walang bisa, ang nalalabi o iba pang bahagi ay mananatiling may bisa. Mananaig ang mas mataas na batas o polisiya.

**Seksyon 10. Bisa**. Ang kautusang ito ay magkakabisa kaagad pagkatapos ng labinlimang (15) araw na pagpaskil sa bulletin board sa pasukan ng pambayang gusali at sa dalawa (2) o higit pang hayag na lugar sa Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao.

Sa mungkahi nina SB Member Dexter R. Gonzales, SB Member Jess V. Sapungan at SB Member Edezer F. Aceron na pinangalawahan nina SB Member Elpidio N. Contreras, Jr. at SB Member Dennes M. Faner, ang Kautusang ito ay ...

**ISINABATAS** ngayong ika-27 ng Hunyo 2022 sa Bulalacao, Oriental Mindoro.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

KGG. JESS V. SAPUNGAN
PERLITA L. PAZ
KGG. KIEVEN E. CANTOS
KGG. TULAY M. CARING
KGG. GERMAN S. ACOSTA
KGG. KIM JOHN ELCO E. CANTOS
KGG. EDEZER F. ACERON
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. DENNES M. FANER
KGG. EDWIN C. ACERON
KGG. DEXTER R. GONZALES
KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.
KGG. RAMON C. MAGBANUA
KGG. EDUARDO C. VILLAS

Scanned with CamScanner

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. DENNES M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**Kgg. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
Sangguniang Kabataan Fed. Pres.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Regular na Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: August 10, 2022

22/06//29/DRG/jpc

Scanned with CamScanner